## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Sa isang demokratikong bansa tulad ng Pilipinas, mahalagang ang mga mamamayan ay mayroong tapang at kakayahang manindigan para sa kanilang mga paniniwala. May mga taong may mga sariling paniniwala at opinyon, ngunit walang tapang na panindigan ang mga ito. Ang iba naman ay walang nakikitang dahilan para sabihin ang kanilang mga opinyon o paninindigan.

Ano ang masasabi mo tungkol rito? Sa tingin mo ba'y kaya mong manindigan at ipaglaban ito? O sa tingin mo'y kailangan mo ng tulong o gabay para matutong manindigan?

Ang modyul na ito ang magbibigay sa iyo ng gabay.

Nahahati ang modyul na ito sa dalawang aralin:

Aralin 1 — *Ano ang Paninindigan Mo Tungkol sa Isyung Ito?*

Aralin 2 — *Bakit Kailangan Mong Ipaglaban ang Iyong mga Paniniwala at Prinsipyo?*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mo nang:

- sabihin ang iyong paninindigan tungkol sa ilang isyu at mapangatwiranan ang mga ito.
- ipaliwanag kung bakit mahalagang manindigan at lumaban para sa nararapat; at
- ilarawan ang mga aksyon na maaaring gawin upang ipaalam sa madla ang iyong mga opinyon at paninindigan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo pag-aralan ang modyul, sagutin ang simpleng pagsasanay upang masukat ang iyong mga nalalaman tungkol sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Kung sumasang-ayon ka sa isinasaad nito, lagyan ng tsek ang hanay na *Sang-ayon*. Kung hindi ka sang-ayon, lagyan ng tsek ang hanay na *Di-Sang-ayon*. Kung hindi mo matiyak kung sang-ayon ka o hindi, lagyan ng tsek ang hanay na *Hindi Sigurado.* Isang tsek lamang ang inaasahan para sa bawat pangungusap.

| | **Sang-ayon** | **Hindi Sigurado** | **Di-Sang-ayon** |
|---|---|---|---|
| 1. Maraming Pilipino ang hindi marunong manindigan. | ________ | ________ | _________ |
| 2. Madaling impluwensiyahan ang pag-iisip at damdamin ng isang Pilipino. | ________ | ________ | _________ |
| 3. Madaling magbago ang pag-iisip o damdamin ng Pilipino dahil siya ay mabait at madaling makisama. | ________ | ________ | _________ |
| 4. Ang Pilipinas ay maaaring maging isang bansa ng mga mapagkumbabang tao o mga matatapang na mandirigma. | ________ | ________ | _________ |
| 5. Hindi ka dapat mabahala o makialam kung ang isang kaibigan o kasama sa trabaho ay may ginagawang ilegal o labag sa batas. | ________ | ________ | _________ |

| | Sang-ayon | Hindi Sigurado | Di-Sang-ayon |
|---|---|---|---|
| 6. Nararapat na palagi mong ipaglaban kung ano ang tama. | ________ | ________ | _________ |
| 7. Madaling lokohin ang isang taong hindi marunong ipaglaban ang kanyang mga prinsipyo. | ________ | ________ | _________ |
| 8. Hindi ka dapat makilahok sa mga isyung panlipunan dahil wala itong kinalaman sa iyo. | ________ | ________ | _________ |
| 9. Kampihan mo pa rin ang iyong kaibigan kahit siya ay mali. | ________ | ________ | _________ |
| 10. Ipaglaban mo kung ano ang tama. | ________ | ________ | _________ |

Kumusta ang pagsasanay? Nasagot mo ba nang tama ang bawat aytem? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 32.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksang tatalakayin sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mabalik-aralan ang mga bagay na nalalaman na. Malay mo, baka may matutunan kang bago mula sa modyul.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mong lahat ang mga sagot sa pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 1 sa susunod na pahina.

# Ano ang Paninindigan Mo Tungkol sa Isyung Ito?

Maraming isyu sa ating lipunan ang dapat mong pagtuunan ng pansin. Halimbawa, nariyan ang isyu ng paglalagay na tila naging bahagi na ng ating kultura. Alam natin na maraming tao ang nagbibigay ng lagay upang mapabilis ang pagpapaproseso ng kanilang mga papeles sa mga ahensiya ng pamahalaan. Nariyan din ang isyu ng *illegal logging* o di-legal na pagpuputol ng mga punong-kahoy. Anong paninindigan mo tungkol sa mga isyung ito? Ano ang masasabi mo tungkol sa mga ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, mauunawaan mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling paninindigan tungkol sa isang isyu. Makakaya mo na ring ipagtanggol at ipaglaban ang iyong paniniwala o opinyon. Sa madaling salita, makakaya mo nang:

- ipahiwatig ang iyong mga ideya, at pagpapahalaga; at
- maipakita ng kakayahan sa pagtatanggol sa iyong mga prinsipyo.




## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Araw-araw, sari-saring isyu ang naririnig natin sa ating lipunan. Ang ilang mga isyu ay napakakontrobersyal. Pinag-uusapan ang mga ito ng maraming tao. Bawat tao ay may kanya-kanyang opinyon tungkol sa bawat isyu. Nariyan ang mga pabor, nariyan din ang mga di-pabor o kontra sa isyu. Ang posisyon ng isang tao sa isang partikular na isyu ay hinuhubog ng kanyang mga pagpapahalaga, mga prinsipyo at paniniwala gayundin ng kanyang mga nalalaman tungkol sa nasabing isyu. At dahil tayo ay may iba't ibang pagpapahalaga, prinsipyo at paniniwala, hindi maiwasan na tayo ay may kanya-kanya ring pananaw tungkol sa mga isyu.

Ngayon ay pag-aaralan natin ang ilang mga isyu. Basahin ang bawat isa. Pagkatapos, pag-isipan mabuti at sabihin ang iyong opinyon o posisyon tungkol sa bawat isyu.

Ang isang isyu ay may kinalaman sa pagpapalibing ng dating pangulong Marcos sa *Libingan ng mga Bayani*. Basahin ang tungkol dito sa *comic strip* sa susunod na pahina. Huwag kalimutang bumuo ng sariling posisyon pagkatapos mong magbasa.

Ang pamilyang Marcos ay sentro ng maraming kontrobersiya. Dati, naging mainit na usapin ang katanungan kung dapat bang ilibing ang dating pangulong Ferdinand Marcos sa *Libingan ng mga Bayani?*



Sa panig ng mga *loyalista*, ang sagot ay “Dapat nga!” Ayon sa kanila, si Marcos ay isang bayani noong panahon ng digmaan at isang dating pangulo. Dahil dito, nararapat lamang na siya'y ilibing sa *Libingan ng mga Bayani.*






Sa kabilang panig, di sang-ayon dito ang mga biktima ng mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa ilalim ng batas militar ni Marcos. Ito ang mga taong nagsasabing sila'y inabuso at minaltrato ni Marcos noong siya ang pangulo. Kabilang sa kanila ang mga tagasuporta nina Cory at Ninoy Aquino.
Magbalik-tanaw tayo sa panahong si Marcos ay isa pang estudyante sa UP o Unibersidad ng Pilipinas. Ipinamalas niya noon ang kanyang kakaibang talino.
Sa taong 1939, natamo niya ang pinakamataas na iskor sa eksaminasyon para sa mga abogado.
Marami rin siyang natanggap na medalya at parangal bilang isang sundalo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig o noong naririto sa bansa ang mga Hapones. (Ngunit ayon sa ibang tao, hindi ito totoo.)
Sa taong 1965, si Marcos ay naging Pangulo ng Pilipinas.


Noong ika-21 ng Setyembre 1972, nilagdaan niya ang *General Order* #1 na nagdeklara ng batas militar o *martial law*.
MARTIAL LAW!
Nilagdaan din niya ang *General Order* #2 at ipinakulong ang mga subersibo o rebeldeng mamamayan.
177
METROCOM
Isa sa mga naaresto ay si Benigno Aquino Jr, isang dating senador.
Inutos din ni Marcos ang pagsasara ng ilang mga diyaryo at radyo.
CLOSED
Dahil sa mga aksyong ito, lumaki nang lumaki ang kontrol ni Marcos sa lahat ng sangay ng pamahalaan – kasama ang mga sangay na ehekutibo, lehislatura at hukuman.



Ang asawa ni Marcos na si Imelda ay naging napakakontrobersiyal din.
Ang sabi niya'y...
"Nag-aalala ako tungkol sa aking mga kapwa Pilipino. Marami sa kanila ang halos hindi na makakain, habang ang mga mayayaman naman ay lalong yumayaman."
Ngunit mahilig gumastos nang malaki ang mga Marcos para sa mga *party* at ilang mga proyekto.
Ang militar ay naging abusado sa ilalim ng pamahalaang Marcos.
Nagalit ang maraming mamamayan sa mga Marcos, ngunit mayroon ding mga taong natulungan nila nang malaki.
Nariyan ang mga kaibigan at *crony* ng mga Marcos na nanghiram ng malalaking salapi upang gawing kapital sa kanilang mga negosyo.


Di katagalan, lumaki nang lumaki ang kontrol nila sa ekonomiya ng bansa.
BANK



Nang si Ninoy Aquino ay pinaslang sa taong 1983, marami ang nagprotesta. Ang sabi ng karamihan, ito ay kagagawan ni Marcos.
JUSTICE FOR NINOY


Ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin natitiyak kung sino talaga ang pumatay kay Ninoy.


Ang asawa ni Ninoy na si Cory Aquino ay tumakbo sa pagka-pangulo.


Nagulat ang mga tao nang sina Fidel Ramos at Juan Ponce Enrile at ang kanilang mga tagasuporta ay pumiglas kay Marcos.


Naganap noong Pebrero 22-25, 1986 ang *People Power Revolution.*




## Magbalik-aral Tayo

Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.

1. Sang-ayon ka ba na ang bangkay ni Marcos ay dapat ilibing sa *Libingan ng mga Bayani*? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang iyong opinyon at paninindigan tungkol sa isyung ito.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong, ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, o sa isang kaibigan o kapamilya. Siya ba ay sumasang-ayon sa iyong mga sagot? Bakit o bakit hindi?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Sumangguni rin sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp.32–33 upang makita ang ilang mga posibleng sagot sa mga tanong sa itaas. Tingnan mo kung aling mga sagot ang katulad ng mga ibinigay mo.



## Alamin Natin


May mga nakapupuna na maraming mga Pilipino ang ayaw o di kaya'y hindi marunong ipaglaban ang kanilang mga prinsipyo o paniniwala. Marami sa atin ang sumusunod lamang sa pulso ng nakararami. Kung ano ang sinasabi ng nakararami, iyon ang kanilang papanigan.

Ayon kay G. Tomas D. Andres, isang eksperto sa pagpapahalaga (*values)* ng mga Pilipino, tayo ay maihahambing sa halamang kawayan. Tulad ng kawayan, madali tayong maimpluwensiyahan ng ihip ng hangin. Minsan, tayo'y nakayuko sa isang direksiyon at minsan nama'y sa kabila, depende sa direksyon ng hangin. Tila wala tayong sariling pag-iisip sinusunod lamang ang takbo ng pag-iisip ng nakararami. Ang ganitong pag-uugali ang maaaring humantong sa pag-iiba-iba ng pag-iisip o sa pagiging balimbing. Napansin mo ba, na minsan sinasabi nating galit tayo sa ating amo? Ngunit kapag naririyan naman siya, mabuti ang ipinakikita nating pakikitungo sa kanya upang gumaan ang kanyang loob sa atin.

Kapuna-puna rin na nag-aalinlangan tayong manindigan o ayaw manindigan dahil sa mga pagpapahalaga na naging bahagi na ng ating buhay. Ilan sa mga ito ay ang *utang na loob*, *hiya* at *palakasan*. Nasa susunod na pahina ang isang halimbawa ng pagpapahalagang nabanggit.

## Basahin Natin Ito

Basahin ang kuwento sa ibaba.






Pamilyar ba sa iyo ang kwento? Inilalarawan dito ang isang kaugaliang Pilipino, ang pagtanaw ng utang na loob. Ang ibig sabihin ng kaugaliang ito ay ang pagbabayad ng anumang mabuting bagay na ginawa para sa iyo ng ibang tao. Ito ay parang isang "utang" na dapat mong "bayaran." Minsan ang pagbabayad ay maaaring paggawa ng isang bagay na labag sa iyong mga paniniwala o prinsipyo.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.

1. Kung ikaw si Norman, ano ang gagawin mo?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Bakit mahalagang panindigan ang iyong mga prinsipyo sa mga pagkakataong tulad nito?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.





## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Hindi tayo dapat mahiya o matakot na panindigan kung ano ang tama o nararapat. Ito ay mas mahalaga kaysa pagtanaw ng utang na loob o pakikisama sa isang taong may ginawang mabuti para sa atin. Ano man ang mangyari, dapat na panindigan natin kung ano ang tama at totoo. Hindi tayo dapat gumawa ng isang bagay na mali o hindi makatwiran dahil lamang sa pakikisama, hiya o pagtanaw ng utang ng loob.

Naintindihan mo ba ang isinasaad ng talata? Basahin itong muli upang lubos mong maunawaan ang ipinapahiwatig nito. Mahalagang maintindihan mo ito.


Nasa ibaba ang isa pang halimbawang nagtuturo sa iyo ng paninindigan para sa tama at makatotohanan.














## Basahin Natin Ito

Ngayon, ipalagay nating nakabuo ka na ng sariling opinyon o paninindigan tungkol sa isang isyu. Halimbawa, nakapagdesisyon ka na laban sa *illegal logging*. Ayaw mo ring mapawalang-bisa ang prohibisyon sa *illegal logging*. Ano na ngayon ang dapat mong gawin? Paano ka maninindigan?

May iba't ibang paraan upang magawa ito. Ang unang hakbang ay ang ipaalam sa ibang tao ang iyong opinyon o paninindigan.

Maaari mong kausapin ang iyong mga kapitbahay o mga kabarangay. Ang isang mabuting paraan ay kausapin ang kapitan sa inyong barangay. Sabihin mo sa kanya ang iyong mga opinyon o ideya. Kumbinsihin siya na magkaroon ng paninindigan na katulad ng sa iyo. Malay mo, baka makapagsimula kayong dalawa ng isang proyekto na may kaugnayan sa inyong magkatulad na paninindigan.




Isa pang paraan upang manindigan ay ang pagpapadala ng sulat sa mga diyaryo o magasin, o sa mga radyo at estasyon ng T.V. Maaari ka ring sumulat sa iyong mayor o *congressman*. Isulat mo ang iyong mga ideya at paninindigan. Kung maaari, makabubuting magbigay ka ng solusyon o rekomendasyon na maaaring isagawa upang makamtan ang iyong layunin.

Narito ang isang halimbawa ng liham para sa tagapatnugot o editor ng isang pahayagan. Isinulat ito ng isang taong di-pabor sa *illegal logging*.

ika-8 ng Setyembre 2000

Ang Tagapatnugot
Philippine Daily Inquirer
P.O. Box 2353
Makati Central Post Office

Mahal na Tagapatnugot:

Sumusulat po ako upang maipahayag sa ating mga kababayan ang tungkol sa isang bagay na matagal nang bumabagabag sa aking isipan.

Nakatira po ako sa probinsya. Noong ako'y bata pa, naglalaro ako sa isang magubat na lugar malapit sa aming bahay. Ang lugar na iyon ang aming *playground*. Masaya kaming naglalaro ng taguan sa mga puno at naghahabol ng mga paru-paro at iba pang insekto.

Ngunit ngayon, wala na ang gubat. Ang natitira na lamang ay isang bahagi ng lupang walang kahit na isang punong-kahoy. Kagagawan ito ng mga *illegal logger* na walang awang pumutol sa mga puno hanggang wala nang natira. Yumaman nang husto ang mga taong ito. Hindi man lang nila naisip na nasira nila ang aming kagubatan at kapaligiran.

Ngayon po ay mayroon na akong pamilya at mga anak. Nalulungkot akong wala na silang mapaglalaruang gubat o mapunong lugar. Matagal nang nawala ang mga puno, gayundin ang mga bulaklak, mga paru-paro at mga ibon.

At dahil wala na ang mga puno sa aming lugar, madalas kaming makaranas ng pagbaha tuwing tag-ulan. At kapag panahon naman ng tag-init, sobra po ang nararanasan naming init sa kapaligiran. Wala ang mga problemang ito noong ako ay bata pa. Noong panahong iyon, ang lilim ng mga puno ang nagbigay ng preskong hangin tuwing tag-init.

Upang mapigilan ang patuloy na pagkasira ng mga naiiwang gubat, sana po ay tigilan na ng mga mangangahoy ang pagputol ng mga puno. Isaisip sana nila ang kapakanan ng ating mga anak. Mahalaga para sa mga susunod na henerasyon na pangalagaan ang ating kalikasan. Pangalagaan natin ang ating mga punong-kahoy at mga gubat.

Hinihikayat ko ang lahat lalo na ang mga ordinaryong mamamayan na sumali sa kampanyang ito. Ipaalam sa inyong mga kapamilya at kaibigan na kayo ay kontra sa *illegal logging* at sa walang pakundangang pagputol ng mga punongkahoy. Ipaalam natin sa buong mundo na gusto nating manatili ang ating mga puno at mga gubat. Kapag tayo ay nagkaisa sa tuntuning ito, naniniwala akong maipatitigil natin ang *illegal logging*.

Matapat na sumasainyo,

REY J. SUAREZ



## Pag-isipan Natin Ito

1. Nabasa mo ba ang liham? Nagustuhan mo ba ito? Isulat ang iyong mga ideya at reaksiyon sa mga patlang sa ibaba.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Sa palagay mo, makasusulat ka kaya ng katulad na liham tungkol sa isang isyung nais mong panindigan? Bakit o bakit hindi?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Kung oo ang sagot mo sa pangalawang tanong, magaling! Ipinapakita nito na natutunan mo ang isang mabuting paraan ng paninindigan at pagpapaalam nito sa madla. Malay mo, isang araw, kapag sumulat ka sa isang diyaryo tungkol sa iyong paninindigan, maaaring mailathala ang iyong liham! Isipin mo ang pakiramdam kapag nabasa mo at ng maraming tao ang iyong pangalan at liham sa isang sikat na pahayagan? Tiyak kong magagalak ka, gayon din ang iyong mga kaibigan at kapamilya.

Kung ang isinagot mo naman ay *hindi*, huwag mag-alala. May isang NFE A&E modyul na makatutulong sa iyo. Ito ay pinamagatang "Mayroon Akong Liham Para Sa Iyo." Pag-aralan mo ito upang maragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa paggawa ng mga liham.




## Basahin Natin Ito

**Iba Pang Paraan ng Paninindigan**

May iba pang mga paraan ng paninindigan, maliban sa pakikipag-usap sa ibang tao at pagsulat ng liham. Alam mo ba kung anu-ano ang mga ito?

Isang paraan ay ang pagkilos para suportahan ang iyong paninindigan. Halimbawa, kung ikaw ay laban sa pagbibigay ng lagay, dapat lamang na tanggihan mo ang pagbibigay at pagtanggap ng lagay. O kung ikaw naman ay laban sa palakasan, dapat mong iwasan ang pagbibigay ng pabor o espesyal na pagtrato sa iyong mga kamag-anak sa lugar trabaho o sa opisina. Ang iyong pagkilos ayon sa iyong mga paniniwala at ipinaglalaban ay isa na ring paraan ng paninindigan.

Isa pang paraan ay ang paggawa ng mga plakard, poster, istiker o islogan na nagpapahiwatig ng iyong paninindigan. Kung mahusay kang gumuhit, maaari ka ring gumawa ng drawing o painting tungkol sa iyong paninindigan. Pwede ka ring gumawa ng tula o awit tungkol dito.




Ang isang mas marahas na paraan ng paninindigan ay ang pagwewelga o pagsama sa *rally* o demonstrasyon. Nakakita ka na ba ng mga taong gumagawa nito? Ang ilang mga manggagawa ay nagwewelga upang ipaalam ang kanilang mga hinaing o ninanais. Ngunit sa pangkalahatan, ang pagwewelga ay isang marahas na paraan na dapat iwasan dahil maaari itong magkaroon ng di-mabuting epekto sa ibang tao.

Subukan mong mag-isip ng iba pang paraan ng paninindigan. Maaari mong tanungin ang iyong mga kaibigan o kapamilya kung may alam pa silang ibang paraan.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.

1. Magbigay ng halimbawa ng isang mahalagang isyung panlipunan. Ano ang iyong paninindigan tungkol dito?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Ano ang iyong gagawin upang ipakita ang iyong paninindigan tungkol sa isyung iyong napili?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

3. Bakit kailangan mong manindigan sa nasabing isyu?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Nasagot mo ba ang mga tanong? Kung kailangan mo ng gabay, tingnan ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 33–34. Mayroon ditong mga halimbawang sagot na maari mong tularan.

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong, ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, o sa isang kaibigan o kapamilya. Siya ba ay sang-ayon sa iyong mga sagot? Bakit o bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



## Tandaan Natin

1. Kailangan nating manindigan tungkol sa mga mahahalagang isyu.
2. Kapag tayo ay naninindigan, ipinapaalam natin sa ibang tao ang ating mga opinyon o ideya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng:
   - ♦ Pakikipag-usap sa ating mga kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kapitbahay, kasama sa trabaho, at iba pang tao.
   - ♦ Pakikipag-usap sa mga taong may katungkulan (tulad ng mayor, kapitan barangay, mga konsehal, pangulo o mga opisyal ng mga organisasyon, atbp.).
   - ♦ Pagsulat ng liham sa mga *media* (tulad ng mga pahayagan, magasin, estasyon ng radyo at telebisyon, atbp.).
   - ♦ Paggawa ng mga poster, plakard, tula o awit tungkol sa iyong pinaninindigan.

# Bakit Kailangan Mong Ipaglaban ang Iyong mga Paniniwala at Prinsipyo?

Matututuhan mo sa araling ito ang mga dahilan at kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling opinyon at paninindigan.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang magkakaroon ka ng sariling paninindigan sa isang isyu at maipaliliwanag mo ang mga dahilan kung bakit iyon ang iyong naging paninindigan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Tayo ay bahagi ng bawat isyu sa ating lipunan. Kaya mahalagang magkaroon tayo ng sariling paninindigan at ipaglaban ito kung kinakailangan.


Halimbawa na lang ang ang isyu kung dapat o hindi dapat na mailibing ang yumaong Pangulong Marcos sa *Libingan ng mga Bayani*. Maaaring maitanong mo sa iyong sarili kung ano ang epekto sa iyo ng ganitong isyung panlipunan. Hindi mo naman kamag-anak ang Pangulong Marcos at lalong hindi ka naging biktima ng Batas Militar sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Ngunit sa katotohanan, may kinalaman sa iyo ang isyung ito bilang isang mamamayang Pilipino. Ang paraan ng paglutas sa isyung ito ay makaiimpluwensiya sa pagtingin ng buong mundo sa ating mga Pilipino. Ibig sabihin, sa iyo, sa iyong pamilya, sa iyong lipunan at iyong bansa.

Kailangang gawin natin ang tama para sa bawat isyu o mga pangyayari na dumarating sa atin. Pag-isipang mabuti kung ano ang makabubuti at kung ano ang tama, at ipaglaban ito kung kinakailangan. Huwag pabayaang mangibabaw ang mga kaugaliang Pilipino tulad ng hiya, pakikisama o utang na loob. Maging matatag ka kung maninindigan. Pakinggan mo ang bulong ng iyong konsensiya. Kumiling ka sa panig ng katotohanan at katarungan. Ipagwalang-bahala ang mga bagay na makapagdudulot ng salapi, katanyagan at iba pang pakinabang. Isaalang-alang ang pinakamatayog na prinsipyo ng katotohanan at kabutihan.

Maiintindihan mo ang mga ito nang mabuti sa pamamagitan ng pagbasa sa mga halimbawa sa pahina 22.


Laging may dalawang panig sa bawat isyu. Halimbawa na lang ay ang isyu ng pagsusugal gaya ng lotto, casino at jueteng.
Ating tingnan ang isang panig ng isyu:
Mabuti at magiging legal na ang pagsusugal!
Bakit mo naman nasabi ito?
Siyempre, hindi na kailangang itago ng mga manunugal ang kanilang mga ginagawa.
Ganoon ba iyon?
Oo, ibig ding sabihin ay magiging obligado na silang magbayad ng tamang buwis. Marami ang makikinabang dito.
Ah, naiintindihan ko ang ibig mong sabihin.
Narito naman ang kabilang panig:
Kapag naging legal ang pagsusugal, dadami ang magsusugal at kaawa-awa naman ang kanilang mga pamilya.
Oo nga, tama ka.
Lalong malululong sa pagsusugal ang mga sugarol. Uubusin nila ang kanilang pera kahit wala nang pambili ng pagkain para sa kanilang pamilya.
Naku, mas lalong magiging tamad at batugan ang mga iyon. Hindi na sila magsisikap sa buhay at aasa na lamang sa milagro.




## Pag-usapan Natin Ito

Nabasa mo ba ang usapan? Anong panig ang iyong kinikilingan? Sa iyong palagay, dapat o di-dapat bang maging legal ang pagsusugal?

Bago ka manindigan, mahalagang timbangin mo muna ang mga negatibo at positibong punto ng isyu. Ibig sabihin, ihambing ang mga mabubuti at masasamang puntos ng iyong magiging panig o posisyon. Kung ang posisyon ay may maraming mabuting puntos kaysa masama, indikasyon ito ng pagiging mabuting panindigan.

Gamitin natin ang ganitong paraan ng pagnilay-nilay sa isyu ng pagsusugal. Halimbawang ang iyong paninindigan ay sa pagiging legal ng pagsusugal. Timbangin natin ngayon ang mga mabubuti at masasamang puntos ng posisyong ito.

**Positibo o Mabubuting Puntos**

Kung ang pagsusugal ay magiging legal:

- Ang mga manunugal ay hindi na magsusugal nang patago.
- Magbabayad na rin sila ng tamang buwis.

**Negatibo o Masasamang Puntos**

Kung ang pagsusugal ay magiging legal:

- Dadami ang magsusugal.
- Kahit na ang ibang wala nang makain ay magsusugal pa rin, dahil lulong na sila sa bisyo.
- Magiging tamad ang mga manunugal . Sa halip na magtrabaho nang mabuti, aasa na lamang sila sa araw na sila ay mananalo at magkakaroon ng maraming pera.
- Maaaring malubog sila sa pagkakautang.
- Kapag natalo ang mga manunugal, maaari nilang pagbalingan ng kanilang sama ng loob ang kanilang asawa't anak.
- Matututo silang magnakaw ng pera para lamang may maipansugal.

Nakita natin mula sa diskusyon sa itaas na kung magiging legal ang pagsusugal, mas marami ang masasamang maidudulot nito. Pinapatunayan nito na mas makabubuti kung ang pagsusugal ay hindi gagawing legal. Samakatuwid, kailangang palitan mo ang iyong panig at gawin itong: "Ako ay hindi sang-ayon sa pagsasalegal ng pagsusugal."



## Subukan Natin Ito

Magsagawa ng pagsasaliksik sa ilang isyu na ating kinakaharap sa kasalukuyan.

1. Pag-isipan ang mga isyung pinag-uusapan ng mga tao ngayon. Isulat ang mga ito sa talahanayan sa ibaba, sa unang hanay.

| Isyu o Pangyayari | Mga Sumagot | | Dahilan |
|---|---|---|---|
| | Sang-ayon | Di-sang-ayon | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

2. Magtanong sa iba (mga kapamilya, kaibigan, kasama sa trabaho at iba pa) tungkol sa kanilang posisyon o panig sa mga isyu. Tatawagin natin ang mga tao bilang “respondents” at ang kanilang sagot bilang “response”. Isulat ang kanilang mga sagot (response) sa talahanayan. Halimbawa, kung si Nestor, isa sa iyong mga napagtanungan (respondent), ay hindi sumasang-ayon sa isyu, isulat ang kanyang pangalan sa ilalim ng hanay na “Di-sang-ayon.” Kung si Tina naman, isa ring sa iyong mga napagtanungan, ay sumasang-ayon sa isyu, isulat ang kanyang pangalan sa ilalim ng hanay na “Sang-ayon.” Isang pangalan lamang ang isusulat sa bawat linya.

3. Tanungin din ang iyong mga nakapanayam tungkol sa kanilang mga dahilan sa pagpili ng panig o posisyon. Isulat ito sa talaan, sa hanay ng “Dahilan.”

4. Bilang gabay, tingnan ang mga halimbawa sa pahina 26. Ito ang nakuhang impormasyon ng isang mag-aaral na tulad mo.

| Isyu o Pangyayari | Mga Sumagot | | Dahilan |
|---|---|---|---|
| | Sang-ayon | Di-sang-ayon | |
| Ang mga Muslim sa Mindanao ay kailangang bigyan ng autonomiya. Kailangang magkaroon sila ng sariling pamahalaan sa pamumuno ng mga Muslim. | | Ryan Santos | Tayong mga Pilipino ay kailangang magkaisa sa ilalim ng ating pamahalaan at bansa. |
| | | Myra Sandoval | Ang Mindanao ay lalong maghihirap kapag napasailalim sa bago at kulang sa karanasang pamamahalaan. |
| | Omar Aziz | | Hindi nagbigay ang ating pamahalaan ng sapat na atensyon sa Mindanao. Ito ang dahilan kung bakit hindi pa maunlad ang lugar hanggang ngayon. Ang mga kapatid nating Muslim ay dapat mabigyan ng pagkakataon at kapangyarihang gumawa para sa kaunlaran sa Mindanao. |

5. Matapos mong mabuo ang talahanayan, sagutin mo ang sumusunod na tanong:

   a. Pumili ng isang isyu mula sa talahanayang nabuo mo. Ano ang iyong personal na posisyon tungkol dito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   b. Ano ang iyong gagawin para maipakita ang iyong posisyon o paninindigan dito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Narito ang mga halimbawang sagot:

a. Sa isyu ng pagbibigay ng autonomiya sa mga Muslim sa Mindanao, ang posisyon ko ay: "Kailangang mabigyan ng autonomiya ang mga Muslim."

b. Para maipakita ang aking paninindigan, ibabahagi ko ang aking mga opinyon sa ibang tao. Tatalakayin ko ang isyung ito, lalo na sa mga kaibigan kong Muslim o yaong mga nakatira sa Mindanao. Sisikapin ko ring maragdagan ang aking kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga pahayagan, pakikinig sa radyo at panonood ng mga programang tumatalakay sa nasabing isyu.

Tandaan na ang mga nabanggit na sagot ay mga halimbawa lamang. Mag-isip ng sariling sagot. Kapag tapos mo nang punan ang talahanayan, ipakita ang mga ito sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, o sa isang kaibigan o kapamilya. Alamin din ang kanilang opinyon tungkol sa iyong posisyon o paninindigan. Maging handa na o pangatwiranan ang iyong panig.



## Basahin Natin Ito

Kailangan nating manindigan upang matigil ang mga maling gawain na laganap na sa ating lipunan. Para maisakatuparan ito, simulan natin ito sa ating sarili. Kung may kailangan tayong baguhin sa ating sarili ay gawin na natin kaagad bago tayo umasa na gagawin ito ng iba.

Kailangan nating maintindihang mabuti ang mga pangyayari sa ating paligid bago tayo magkaroon ng posisyon o paninindigan. Mahalaga ang kaalaman sa bawat isyu. Ito ang tanda ng isang edukadong tao. Matapos ito, magpasya kung ano ang iyong paninindigan. Ipakita ito sa pamamagitan ng iyong kilos at pananalita. Pagtibayin ito at pangatawanan. Ito ang magiging simula ng paglaban sa mga maling gawain sa ating lipunan.

Narito ang ilang mga gawain na maaari nating simulan habang tayo ay naninindigan para sa kung ano ang tama at makatotohanan.

1. Huwag kang magbigay o tumanggap ng lagay o suhol.

2. Gawin mong mag-isa ang paglalakad at pagpoproseso ng mga papeles sa anumang departamento o ahensya ng pamahalaan. Huwag lumapit sa mga "fixer" na uubusin lamang ang pera mo.

3. Iwasan natin ang sistemang palakasan o padrino. Sa paghahanap ng trabaho, huwag maghanap ng taong makatutulong sa iyo para mapadali ang iyong pagkakatanggap. Hayaan mong piliin ka nila batay sa iyong abilidad at kakayahan. Huwag magbulag-bulagan sa nakikitang maling pamamaraan, magsalita at tutulan kung nakakikita ka ng isang politiko o kamag-anak ng iyong boss na binibigyan ng espesyal na atensiyon.

4. Iwasang makibahagi sa mga maling gawain. Higit sa lahat, huwag mong hayaang ikaw ang pagmumulan ng mga mali at baluktot na gawain.

Kailangan ng ating bansa ang mga taong may matibay na mga prinsipyo at naninindigan para sa mga ito. Maging isa ka sa mga taong ito! Manindigan para sa tama. Maging mabuting halimbawa sa iyong mga kaibigan, kapamilya at sa mga kilala mo. Kailangan ng ating lipunan ang mga taong magiging mabuting ehemplo. Gawin mo ang mga nararapat para makatulong na mapaunlad ang ating bayan!

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat sa patlang ang tamang sagot :

1. Anu-ano pang halimbawa ng makabuluhang paninindigan ang iyong maibabahagi? Idagdag mo ito sa listahan na nabanggit.

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

2. Ano ang iyong paninindigan tungkol sa isyung pagbibigay ng parusang kamatayan o *death penalty*? Naniniwala ka ba na kailangang patayin ang mga taong nakagawa ng mga karumal-dumal na krimen tulad ng pagpatay at panghahalay? Ipaliwanag nang mabuti ang iyong sagot.

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

3. Ano ang iyong gagawin para maipaalam o maiparating sa mga kinauukulan ang iyong posisyon tungkol sa *death penalty*? Halimbawa, kung hindi ka sang-ayon, ano ang iyong gagawin? O kung sang-ayon ka, ano naman ang iyong gagawin?

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

4. Naniniwala ka ba sa diborsyo? Naniniwala ang ibang tao na ang mag-asawang may mabigat na problema sa kanilang pagsasama ay dapat na mabigyan ng legal na karapatang maghiwalay o magdiborsyo. Samantala, ang iba naman ay naniniwala na ang mag-asawa ay nagsumpaan sa harap ng Diyos na sila ay magsasama hanggang sa kanilang pagtanda at kamatayan, kaya ang pagdiborsiyo ay isang kasalanan. Ano ang iyong paninindigan sa isyung ito? Pabor ka ba o hindi sa diborsyo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________

Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator,* o sa iyong mga kaibigan o kapamilya. Sang-ayon ba sila sa iyong paninindigan o posisyon? Bakit o bakit hindi?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


_______________________________________________________________



## Tandaan Natin

- Sa paninindigan, laging itaguyod kung ano ang tama, makatotohanan at makatarungan.
- Mas bigyan ng pansin ang damdamin at konsyensiya kaysa idinidikta ng mga nakagisnang kaugalian tulad ng hiya, pakikisama at utang na loob.
- Laging ihambing ang mga positibo at negatibong puntos o ang mga mabubuti at masasamang dulot ng isang partikular na posisyon para makatulong sa iyong pagbuo ng matibay ng paninindigan. Ilista ang mabubuti at masasamang puntos ng isyu at kung mas marami ang mabubuting puntos, nakasisiguro ka na ang paninindigan o posisyon mo ay tama.

Nasa huling bahagi ka na ng modyul na ito. Binabati kita. Naibigan mo ba ang nilalaman ng modyul? May natutuhan ka ba mula rito? Nasa susunod na pahina ang buod ng mga mahahalagang puntos ng modyul na ito upang matulungan kang matandaan ang mga ito.



## Ibuod Natin

Ayon sa modyul na ito:

- Mahalaga ang pagkakaroon ng posisyon o paninindigan sa bawat isyu, lalo na sa mga isyung panlipunan at pambansa.
- Ibahagi at sabihin mo sa ibang tao ang iyong mga ideya o opinyon. Maraming paraan para maipaalam mo sa ibang tao ang iyong paninindigan. Kabilang dito ay ang pakikipag-usap sa maraming tao, pagsusulat sa mga pahayagan o diyaryo, paggawa ng mga poster, at iba pa.
- Ang iyong opinyon o paninindigan ay nararapat na ibatay sa mga prinsipyo ng katotohanan, pagkakapantay-pantay at katarungan.
- Makatutulong sa pagdesisyon ng paninindigan ang paghahambing sa mga positibo (mabuti) at negatibong (masama) puntos ng isang isyu.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang sumusunod na tanong.

Si Tonyo, isang 22 taong gulang na delivery boy ng pizza, ay nakasaksi ng isang aksidente sa kalsada. Nasagasaan ng mayamang lalaki ang isang batang babae. Kitang-kita ni Tonyo na ang aksidente ay kasalanan ng mayamang nakasagasa. Nagmamaneho siya sa maling direksiyon ng kalsada at abala sa pakikipag-usap sa cellphone kaya hindi niya napansin ang pagtawid ng batang babae.

Binigyan ng mayamang lalaki si Tonyo ng pera at hiniling na huwag na niyang isumbong ang kanyang nasaksihang aksidente. Matapos ito, dinala nila ang batang babae sa ospital at ipinagamot.

Isang araw pagkatapos ng aksidente, napag-alaman ni Tonyo na walang ipambayad sa ospital ang pamilya ng batang babae.

1. Kung ikaw si Tonyo, ano ang iyong gagawin? Pumili ng isa sa mga sagot sa ibaba at ipaliwanag ito.

    a. Wala akong gagawin. Hindi ko kaanu-ano ang batang babae o ang mayamang lalaki, kaya wala akong pakialam sa nangyari.

    b. Hindi ko sasabihin ang katotohanang aking nasaksihan dahil binayaran ako ng mayamang lalaki para tumahimik na lamang.

    c. Ibabalik ko ang pera sa mayamang lalaki at sasabihin ko sa kanya ang sitwasyon sa buhay ng batang babae. Sasabihin ko rin na pupunta ako sa pulisya at upang i-report ang buong pangyayari.

d. Ire-report ko ang nasaksihang aksidente pero kukunin ko pa rin ang pera.

*Paliwanag*:

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

> Nakita ni Alicia si G. Tuazon, ang kanilang kapitan barangay, sa isang interbyu sa telebisyon. Sinabi ni G. Tuazon sa interbyu na ang kanilang barangay ay isang magandang ehemplo na dapat tularan ng ibang barangay. Binaggit din ni G. Tuazon na ito ay dahilan sa mabuting gawain ng konseho sa ilalim ng kanyang pamamalakad. Ayon sa kanya, natapos nila ang maraming proyekto para sa ikauunlad ng kanilang barangay.
>
> Batid ni Alicia na nagsisinungaling si G. Tuazon. Alam niyang nagnanakaw si G. Tuazon ng pera na dapat ay ginagamit para paunlarin ang kanilang barangay. Ang totoo, hindi naman aktibo ang konseho sa kanilang barangay. Wala itong naitulong sa ikabubuti ng barangay. Dahil dito, maraming residente ng kanilang barangay, katulad ni Alicia, ang ayaw na kay G. Tuazon.

2. Kung ikaw si Alicia, ano ang iyong gagawin?

   a. Susulat ako sa estasyon ng telebisyon at sasabihin sa kanila ang totoong nangyayari sa aming barangay.

   b. Pag-uusapan namin ng aking mga kapitbahay ang nangyaring panayam sa telebisyon.

   c. Ako ay isang karaniwang mamamayan at si G. Tuazon ay mayaman. Anumang sabihin ko ay walang halaga kaya tatahimik na lang ako.

   d. Malulungkot ako at magagalit kay G. Tuazon, pero wala akong iba pang gagawin.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 34–35.

Kung tama ang mga sagot mo sa dalawang sitwasyon, binabati kita! Marami kang natutunan at naintindihan sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Kung isa lang ang iyong tamang sagot, mabuti, ngunit kailangan mo pa ring pagbutihan ang pag-aaral. Basahing muli ang mga bahagi ng modyul na hindi mo gaanong naunawaan.

Kung wala kang tamang sagot, kailangang basahin at intindihin mong muli ang buong modyul. Huwag mabahala. Kung pag-aaralan mong mabuti ang mga aralin, tiyak kong maiintindihan mo rin ang mga ito. Kailangan mo lang pagbutihin ang pag-aaral.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

Iba-iba ang mga sagot na maaaring ibigay, ayon na rin sa mga pagpapahalaga at paniniwala ng mag-aaral. Ngunit ang mga pinakatamang sagot ay ang sumusunod:

1. Sang-ayon
2. Sang-ayon
3. Sang-ayon
4. Sang-ayon
5. Di-sang-ayon
6. Sang-ayon
7. Sang-ayon
8. Di-sang-ayon
9. Di-sang-ayon
10. Sang-ayon

### B. Aralin 1

*Magbalik-aral Tayo (pp. 10–11)*

Ang sumusunod ang maaaring isagot ng mag-aaral:

1. Oo, sumasang-ayon ako na si Marcos ay dapat ngang ilibing sa *Libingan ng mga Bayani*. Dahil siya ay isang dating pangulo, may karapatan siyang mailibing nang marangal. Alalahanin din natin na marami siyang nagawang mabuti para sa bansa tulad ng pagpapagawa ng mga kalsada, mga tulay at mga gusali. Siya rin ay nagsilbi bilang isang sundalo noon Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

   Hindi dapat mailibing si Marcos sa *Libingan ng mga Bayani*. Ang libingang ito ay hindi naman sadyang para sa mga pangulo ng bansa. Si Marcos ay hindi isang bayani. Inabuso at minaltrato niya ang maraming tao. Sinubukan din niyang sirain ang ating demokratikong paraan ng pamamahala ng bansa nang ideklara niya ang batas militar. Sinasabi rin ng marami na siya ay nagnakaw sa pamahalaan at maraming ginawang katiwalian.

2. Mahalaga ang aking paninindigan dahil ako ay isang mamamayan ng bansang ito. Kung ang lahat ng tao ay marunong manindigan at ipaglaban ang kanilang mga posisyon, mas madaling malalaman ng pamahalaan ang iba't ibang panig ng isyu. Makikita nila ang ibat-ibang pananaw ng isyu at higit na malalaman ang dapat gawin. Ang "boses ng masa" ay mas maririnig ng gobyerno. Malay natin, maimpluwensiyahan natin ang mga desisyon ng ating mga namumuno. Sa ganitong paraan magiging tunay na bansa ng masa ang ating bayan.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 13)*

Makikita sa ibaba ang ilang mga posibleng sagot. Ang mga sagot ng mga mag–aaral ay maaaring iba o katulad ng mga ito depende sa kani-kanilang personal na pagpapahalaga.

1. Hindi ko susundin ang gustong ipaggawa sa 'kin ng konsehal. Katunayan, maaari ko siyang isumbong sa mga awtoridad dahil ang pinapagawa niya ay mali at di–legal.

2. Naniniwala ako na sa pagtanggi sa anumang gawaing labag sa batas, aking ginagawa, kahit na sa maliit na paraan, ang pagpapanatili ng malinis at patas ang eleksiyon.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 19–20)*

1. Isang mahalagang isyung nais kong bigyang-halaga ay ang pagpapalabas ng mga x-rated na pelikula. Maraming mga ganitong klaseng pelikula ang ipinapalabas sa mga lokal na sinehan. Lubos akong tumatanggi dito dahil nagpapakita ito ng kawalang-galang sa kababaihan. Dinudungisan nito ang isipan ng mga kabataang kalalakihang nanunuod nito. Sa tingin ko, ang ganitong klaseng pelikula ay nagtataguyod ng imoralidad.

2. Maaari kong sabihan ang aking mga kapamilya, kapitbahay at mga kaibigan tungkol sa nasasaloob ko. Makukumbinsi ko sila na dapat maging mahigpit ang gobyerno sa pagkontrol ng mga hubad na eksena sa mga pelikula. Makukumbinsi ko rin sila na tutulan ang paglabas ng mga ganitong klaseng pelikula. Sabay-sabay na hingin namin sa Barangay Council na maglunsad ng kampanyang "boycott ang mga bold" na pelikula. Maaari rin naming kausapin ang mga may ari ng mga sinehan na huwag magpalabas ng ganitong mga pelikula.

3. Kung hindi ako maninindigan, patuloy na ipapalabas ang mga *bold* at malalaswang pelikula. Magpapatuloy ang mababang tingin sa mga babae bilang mga “laruan” o tagapagbigay ng kaligayahan. Ang mga lalaking nanonood ng malalaswang pelikula ay patuloy na maaakit ng kalaswaan, kamunduhan at seks. Karagdagan pa, ang mga prodyuser ng pelikula ay mahihikayat na gumawa ng mga malalaswang pelikula dahil tinatangkilik ang mga ito ng karamihan. Hindi mahihimok ang mga prodyuser na gumawa ng iba at mas magandang uri ng pelikula.

   Ngunit kapag ako ay nanindigan, maraming mga tao ang makakarinig sa aking mga opinyon at ideya. Mabubuksan ang kanilang pag-iisip tungkol sa mga positibo at negatibong puntos ng isyu. Tulad ko, maaari rin silang magprotesta laban sa pagpapalabas ng malalaswang pelikula. Kapag marami kaming nanindigan, may pag-asang mapigilan ang pagpapalabas ng mga *X-rated* na palabas.

## C. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 30–31)*

1. Ang inaasahang sagot ay letra **(c)**.

   a. Ito ay hindi mainam na sagot. Kapag wala kang ginawa, hindi ka naninindigan. Hinahayaan mo lamang ang mga pangyayari. Hindi mo ginagamit ang iyong kapangyarihan at kakayahan at mga karapatan.

   b. Ito ay hindi rin mainam na sagot. Hindi mo dapat isakripisyo ang iyong mga prinsipyo para lamang sa pera.

   c. Ito ang tamang sagot. Kapag ibinalik mo ang pera ng lalaki, parang sinasabi mo rin sa kanya na hindi maaaring ipagbili ang iyong pagkatao at mga prinsipyo. Ang pagsumbong sa pulis ay isa ring tamang gawain. Sa pamamagitan nito, maaaring mabigyan ng katarungan ang pangyayari. Ang mga aksiyong ito ay mabubuting halimbawa ng paninindigan.

   d. Ito ay mas mainam kaysa (a) at (b), ngunit hindi rin ito ang pinakatamang sagot. Ang pagsusumbong sa pulis ay mabuting gawain, ngunit ang hindi pagbalik ng pera ay maaaring imoral at hindi makatwiran.

2. Ang tama o inaasahang sagot ay letra **(a)**.

   a. Ito ang tamang sagot. Ang pagsulat sa estasyon ng T.V. upang itama ang kanilang maling impormasyon ay isang paraan ng paninindigan.

   b. Ito ay maaaring tama, ngunit hindi mo dapat ilimita ang iyong sarili sa pakikipag-usap sa iyong mga kapitbahay o kaibigan. Dapat na may gawin ka pang ibang hakbang upang manindigan.

c. Ito ay mahinang sagot. Lahat ng tao, mayaman man o mahirap, ay dapat manindigan. Kung hindi ka maninindigan, hindi mo tinutulungan ang iyong sarili. Parang inaamin mo na ikaw ay mahina, walang kakayahan at mas mababa kumpara sa ibang tao. Sa pagiging tahimik mo, ang mga taong tulad ni G. Tuazon ay patuloy sa kanilang pagiging *corrupt*. Ikaw at ang iyong barangay ang magiging kaawa-awang mga biktima ng maling pamamalakad. Hindi kayo uunlad.

d. Ito ay mali. Kahit na magalit o malungkot ka pa, ang hindi pagkilos tungkol sa sitwasyon ay wala ring halaga. Hindi mo maitutuwid ang mali. Katulad ng kasabihan, karapat-dapat sa atin ang hirap na dinaranas dahil hinahayaan lamang natin ang mga masasamang opisyal sa kanilang maling mga gawain. Nanonood lamang tayo at walang ginagawa.

## Sanggunian

Andres, Tomas D. *Positive Filipino Values*. New Day Publishers, Quezon City, 1989.